Tagalog - Number101b
January 2024

# Mga Bakuna sa Human Papillomavirus (HPV)
## Human papillomavirus (HPV) vaccines

### Ano ang mga bakuna sa HPV?

Ang mga bakuna sa HPV ay nagpoprotekta laban sa impeksyon mula sa ilang uring human papillomavirus (HPV) na nagdudulot ng mga kanser sa anus, serbiks, bibig at lalamunan, ari ng lalaki, ari ng babae at bulba pati na rin ang mga kulugo sa pag-aari. Mayroong 2 bakunang HPV na makukuha sa Canada: Cervarix® (HPV2) at Gardasil®9 (HPV9). Ang mga bakuna ay inaprubahan ng Health Canada, na ang HPV9 ay inaprubahan para sa paggamit sa parehong kasarian, at ang HPV2 ay inaprubahan para sa paggamit lamang sa mga babae. Ang Gardasil®9 (HPV9) ay ibinibigay nang libre sa mga karapat-dapat na tao sa BC.

Ang parehong mga bakuna ay nagpoprotekta laban sa 2 uring HPV na nagdudulot ng humigit-kumulang 70% ng mga kaso ng kanser sa serbiks at 80% ng mga kaso ng anal na kanser. Ang bakuna sa HPV9 ay nagpoprotekta laban sa 5 mga karagdagang uri ng HPV na nagdudulot ng 15% hanggang 20% ng mga kanser sa serbiks at 11% ng mga anal na kanser sa mga kababaihan at 4% sa mga lalaki. Ang bakunang HPV9 ay nagpoprotekta rin laban sa 2 uri ng HPV na nagdudulot ng humigit-kumulang 90% ng mga kaso ng mga kulugo sa pag-aari.

### Sino ang dapat makakuha ng bakuna sa HPV?

Ang bakuna sa HPV9 ay ibinibigay nang libre sa lahat ng mga mag-aaral sa baitang 6. Ang mga taong hindi nakatanggap ng bakuna sa HPV ay maaaring makatanggap nito nang libre hangga 't nakukuha nila ang kanilang unang dosis bago sila maging 19 taong gulang at ang huling dosis bago sila maging 26 taong gulang. Ang pagbubukod ay para sa mga nabigyan ng ekstensiyon hanggang Hunyo 30, 2024; iyon ay ang mga ipinanganak noong Enero hanggang Hunyo 2005.

Ang bakuna sa HPV9 ay ibinibigay din nang libre sa mga indibidwal na 9 hanggang 26 taong gulang na:

- Positibo sa HIV
- Dalawang-Espiritu, transgender o non-binary
- Mga lalaking nakikipagtalik sa mga lalaki, kabilang ang mga maaaring hindi pa aktibo sa pakikipagtalik at kinukuwestiyon ang kanilang sekswal na oryentasyon
- Mga lalaki na sangkot sa lansangan

Makipag-ugnayan sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan upang mabakunahan.

Maliban kung nabanggit sa itaas, ang bakuna sa HPV9 ay inirerekomenda, ngunit hindi ibinigay nang libre, para sa:

- Mga babeng na 19 hanggang 45 taong gulang
- Mga lalaki na 9 hanggang 26 na taong gulang
- Mga lalaking 27 taong gulang at mas matanda na nakikipagtalik sa mga lalaki

Ang mga bakuna sa HPV ay ibinibigay bilang isang serye ng alinman sa 2 o 3 dosis sa loob ng 6 na buwan. Ang mga bata na nagsimula ng isang serye kapag sila ay 9 hanggang 14 na taong gulang ay nangangailangan ng 2 dosis na ibinibigay ng hindi bababa sa 6 na buwang pagitan. Ang mga taong nagsimula ng isang serye kapag sila ay 15 taong gulang at mas matanda at ang mga may mahinang sistemang panlaban sa sakit ay nangangailangan ng 3 dosis.

Ang mga hindi karapat-dapat para sa libreng bakuna sa HPV ay maaaring bumili nito sa karamihan ng mga parmasya at mga klinika ng paglalakbay.

Pinakamainam na magpabakuna bago maging aktibo sa pakikipagtalik at magkaroon ng HPV

dahil pinipigilan ng mga bakuna ang impeksyon ngunit hindi ito nililinis.

## Ano ang mga benepisyo ng mga bakuna sa HPV?

Sa mga babae na hindi pa nahawahan ng HPV, pinipigilan ng mga bakuna ang halos 100% ng mga kaso ng kanser sa serbiks na dulot ng mga uri ng HPV na sakop ng mga bakuna.

Pinipigilan din ng bakuna sa HPV9 nang halos:

- 78% ng mga kaso ng mga anal kanser sa mga lalaki na sanhi ng dalawang pangunahing uring HPV
- 90% hanggang 100% ng mga kaso ng mga kulugo sa pag-aari ay dulot ng 2 iba pang uri ng HPV

Mahalagang magkaroon ng regular na pagsusuri ng cervix dahil ang bakuna sa HPV ay nagpoprotekta laban sa karamihan ngunit hindi lahat ng uri ng HPV na nagdudulot ng kanser sa serbiks.

## Ano ang mga posibleng reaksyon sa mga bakuna?

Ang mga karaniwang reaksyon sa mga bakuna ay maaaring kasama ang pagkasakit, pamumula at pamamaga kung saan ibinigay ang bakuna. Ang lagnat, pagkapagod, sakit ng ulo at sakit ng kalamnan o kasukasuan ay maaari ding mangyari.

Ang Acetaminophen (hal. Tylenol®) o ibuprofen (hal. Advil®) ay maaaring ibigay para sa lagnat o sakit. Ang ASA (hal. Aspirin®) ay hindi dapat ibigay sa sinumang wala pang 18 taong gulang dahil sa panganib ng Reye Sindrom.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Reye Sindrom, tingnan ang HealthLinkBC File #84 Reye Syndrome.

Mahalagang manatili sa klinika ng 15 minuto pagkatapos makakuha ng anumang bakuna dahil may napakabihirang posibilidad, na mas mababa sa 1 sa isang milyon, ng isang nagbabanta-sa-buhay na reaksiyong alerhiya na tinatawag na anaphylaxis. Maaaring kasama dito ang mga pantal, kahirapan sa paghinga, o pamamaga ng lalamunan, dila o mga labi. Kung mangyari ang reaksyong ito, nakahanda ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na gamutin ito. Kasama sa paggamot sa emerhensiya ang pangangasiwa ng epinephrine (adrenaline) at paglipat sa pinakamalapit na departamento ng emerhensiya sa pamamagitan ng ambulansya. Kung magkaroon ng mga sintomas pagkatapos mong umalis sa klinika, tumawag sa **9-1-1** o sa numero ng iyong lokal na emerhensiya.

Palaging iulat ang seryoso o hindi inaasahang mga reaksyon sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

## Sino ang hindi dapat makakuha ng bakuna sa HPV?

Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung ikaw o ang iyong anak ay nagkaroon ng isang nagbabanta-sa-buhay na reaksyon sa isang nakaraang dosis ng bakuna sa HPV o sa anumang bahagi ng bakuna, kabilang ang lebadura. Ang mga taong buntis ay hindi dapat magpabakuna.

Hindi na kailangang ipagpaliban ang pagpapabakuna dahil sa sipon o iba pang banayad na sakit. Gayunpaman, kung mayroon kang mga alalahanin, makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

## Ano ang HPV?

Ang HPV ay isa sa mga pinakakaraniwang mga impeksyon na sekswal na naililipat [sexually transmitted infections (STIs)]. Mga tatlo sa 4 na mga taong sekswal na aktibo na hindi pa nabakunahan ay magkakaroon ng HPV sa ilang panahon. Ang sinumang may anumang uri ng oral, pag-aari o anal na pakikipagtalik ay maaaring makakuha ng HPV. Ang pakikipagtalik ay hindi kailangan para mahawa. Mas maraming sekswal

na kabakas mas mataas ang iyong panganib na mahawaan ng HPV. Ang mga lalaki na nakikipagtalik sa mga lalaki ay mas mataas din ang panganib ng impeksyon sa HPV.

## Ano ang mangyayari kapag nahawaan ka ng HPV?

Karamihan sa mga taong nahawaan ng HPV ay hindi nagpapakita ng anumang mga palatandaan o mga sintomas at maaaring maipasa ang virus sa iba nang hindi ito nalalaman. Kadalasan ang impeksyon sa HPV ay kusang mawawala. Para sa ilang tao, ang HPV ay hindi mawawala at ang mga selula na nahawaan ng virus ay maaaring maging pauna sa kanser [pre-cancerous] o maging kanser sa paglipas ng panahon.

Bawat taon sa B.C. humigit-kumulang:

- 210 katao ang magkakaroon ng kanser sa serbiks at 55 ang mamamatay mula sa sakit
- 6,000 katao ang magkakaroon ng mataas na panganib na pagbabago sa serbiks na magiging pauna sa kanser
- 135 katao ang magkakaroon ng anal na kanser at 20 ang mamamatay mula sa sakit
- 5,500 katao ang magkakaroon ng mga kulugo sa pag-aari

## Pahintulot ng Gumugulang na Menor de Edad

Inirerekomenda na pag-usapan ng mga magulang o mga tagapag-alaga at kanilang mga anak ang pahintulot para sa pagbabakuna. Ang mga batang wala pang 19 na taong gulang, na nakakaunawa ng mga benepisyo at mga posibleng reaksyon para sa bawat bakuna at panganib sa hindi pagkuha ng bakuna, ay maaaring legal na pumayag o tumanggi sa mga pagbabakuna. Para sa higit pang impormasyon sa pahintulot ng gumugulang na menor de edad tingnan ang HealthLinkBC File #119 Ang Batas sa mga Sanggol, Pahintulot ng Gumugulang na Menor de Edad at Pagbabakuna.

## Para sa Karagdagang Impormasyon

- HealthLinkBC File #101a Human papillomavirus (HPV) impeksyon at mga kulugo sa pag-aari
- ImmunizeBC sa https://immunizebc.ca.

Para sa karagdagang HealthLinkBC File na mga paksa, bisitahin ang www.HealthLinkBC.ca/more/resources/healthlink-bc-files o ang iyong lokal na yunit ng pampublikong kalusugan. Para sa hindi pang-emerhensiyang impormasyon sa kalusugan at payo sa B.C. bisitahin ang www.HealthLinkBC.ca o tawagan ang **8-1-1** (libreng tawag). Para sa bingi at nahihirapang makarinig, tumawag sa **7-1-1.** Ang mga serbisyo ng pagsasalin ay makukuha sa mahigit sa 130 mga wika kapag hiniling.